

## OPISYAL NA PAHAYAG

Marso 31, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach, Pinagsamang Sentro ng Impormasyon,  
562.570.NEWS (6397), [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## Ang Lungsod ng Long Beach ay Nag-isyu na Baguhin ang Kaayusang Pangkalusugan at Lumilipat sa Orange na Tier ng Estado Para sa Muling Pagbubukas ng Ekonomiya

*May Kasamang Kapasidad para sa Panloob na Operasyon ay Nadagdagan Para sa Maraming mga Negosyo, Serbisyo, at Aktibidad*

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach sa Departamento ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ay naglabas ng isang na i-update na [Health Order](#), na epektibo sa 12:01 ng madaling araw ng Abril 1, habang ang Long Beach ay pumapasok sa Orange (Kainamang) Tier ito ay ang Pangatlo sa apat na antas na nakabalangkas sa ilalim ng Estadong [Blueprint for a Safer Economy](#).

“Gumagawa kami ng makabuluhang pagsulong upang mabawasan ang pagkalat ng Covid-19 at ang aming paglipat sa Orange Tier ay salamin ng aming pagsisikap,” sinabi ni Alkalde Robert Garcia. “Habang pinapalawak namin ang mga karagdagang pagpapatakbo sa negosyo, responsibilidad nating ibahagi na patuloy na sumunod sa mga protokol para mapanatiliing ligtas tayong lahat.”

Ang mga sumusunod ay mga binagong pangkalahatang ideya ng [Health Order](#), Na alinsunod sa binagong gabay na inisyu ng Estado.

- **Restawran** ay maaaring dagdagan ang panloob na kapasidad mula 25% porsyento hanggang 50% porsyento sa kanilang maximum na kapasidad o kaya ay hanggang 200 katao alinman ang mas kaunti.

Ang mga brewpubs, breweries, bars, pubs, craft distilleries at wineries na walang permiso na magpatakbo katulad ng restawran ay maaaring dagdagan ang kapasidad na magbenta ng alkohol kung ang pag-order ng alkohol ay kasabay sa inorder na aprobado na bona fide na pagkain sa Lungsod.

- **Wineries, Breweries and Distilleries**, kung walang kasamang pagkain sa serbisyo, ay maaaring magpatakbo sa loob at labas nang hindi nagsisilbi ng pagkain. Ang kapasidad sa loob ay limitado sa 25% porsyentong maximum sa okupasyon o 100 katao o alinman ang mas kaunti.
- **Bars**, Kung walang ibinibigay na serbisyo ng pagkain na kinakailangan ay maaaring mag-[operate](#) sa labas. Ang mga bar ay maaaring mag operate lamang sa loob kung ang mga pagkaing bona fide ay isinisilbi sa ilalim ng mga protokol ng restawran.

Ang mga operasyong panloob ng mga bar na hindi naghahatid ng mga bona fide na pagkain ay mananatiling ipinagbabawal.
- **Gyms at Fitness Centers** ay maaaring magdagdag sa kanilang kapasidad sa panloob na operasyon mula 10% porsyento hanggang 25% porsyento ng maximum na okupasyon. Maaaring buksan ang mga panloob na pool na may pagbabago. Ang mga panloob na hot tub, sauna at steam room ay dapat manatiling sarado.
- **Mga Tindahan ng mga Retail**, kabilang ang mga shopping center, mall at swap meet, ay maaaring magpatakbo ng normal na kapasidad nang walang paghihigpit. Ang mga shopping center na may mga restawran at iba pang pasilidad ng pagkain ay maaaring magpatakbo alinsunod sa mga update ng [restaurant protocols](#).
- **Pampubliko at Pribadong Paaralan ng K-12** ay maaaring mag-alok ng mga seremonya na personal ng pagtatapos at pagsisimula na may pagsunod sa alituntunin ng [State guidelines](#).
- **Mga Institusyon ng mas Mataas na Edukasyon** ay maaaring ipagpatuloy ang personal na pagtatagubilin na limitado sa 50% porsyento na may maximum na okupasyon o 200 katao bawat klase alinman ang mas kaunti. Ang mga

seremonya ng pagtatapos at pagsisimula ng mga tao ay maaaring maganap na ibinibigay sa pagsunod sa [State guidelines](#).

- **Museo, Galiriya, Akwaryum at Botanikal na Halamanan** ay maaaring patakbuhan sa loob at labas na may pinataas na kapasidad mula 25% porsyento hanggang 50% porsyento na maximum na kapasidad
- **Mga Serbisyong Pan-Relihiyon at Seremonya ng Kultura** ay maaaring magpatakbo sa loob na may kapasidad mula 25% na porsyento hanggang 50% porsyento. Ang kawani ng back office at pamamahala ay maaaring mag operate nang personal.
- **Mga Sinehan** ay maaaring dagdagan ang kapasidad sa panloob na operasyon mula 25% na porsyento hanggang 50% na porsyento na may maximum na kapasidad o 200 na katao alinman ang mas kaunti.
- **Mga Panlabas na Live na Mga Kaganapan (palaro at mga live na pagtatanghal)** ay maaaring magpatakbo ng operasyon simula Abril 1, sa ilalim ng mga sumusunod na paghihigpit at iba pang mga [State requirements](#). Ang mga panloob na aktibidad ay mananatiling ipinagbabawal .  
Ang kapasidad ay limitado sa 33% porsyento na maximum na okupasyon. Limitado sa mga bisita nasa sa estado lamang.  
Ang mga Venues ay maaaring dagdagan ang kapasidad ng attendance sa 67% na porsyento ng maximum na okupasyon lamang kung ang lahat ng mga bisita ay nagbibigay ng isang negatibong resulta ng test sa loob ng 72 oras bago ang pagdalo o magpakita ng patunay ng buong pagbabakuna
- **Mga Hindi Kritikal na Pang Opisinang Worksites** ay maaaring buksan sa panloob na operasyon na may pagbabago. Matinding hinihikayat ang telework.
- **Pangkabataan at Pang-matandang Libangang Palaro**, na kabilang ang iba't-ibang mga panlabas na mahina, katamtaman, at malakas na kontak na panloob na mga palaro na kinikilala ng Estado ay maaaring ipagpatuloy na may [modifications](#).

- **Sentro ng Libangang Pampamilya** ay maaaring mag operate sa panloob at panlabas. Ang kapasidad sa panloob ay limitado sa 25% porsyento ng maximum na okupasyon na may mga grupo na binubuo ng mga miyembro na galing sa parehong sambahayanan lamang. Ang mga pagpapatakbo sa panloob na operasyon ay limitado sa mga likas na distansya na aktibidad tulad ng panloob na bumper kars, panloob na mga batting cages, mga bowling alley, escape room, virtual reality at mga kiddie rides.
- **Libangan at mga Parkeng may Tema** ay maaaring ipagpatuloy ang panloob at panlabas na operasyon simula sa Abril 1 na may mga pagbabago kabilang ang kabuuang pagsakop sa parke ng 25% para sa parehong panloob at panlabas na operasyon bilang karagdagan sa iba pa na mga [State requirements](#).

Ang mga may-ari ng negosyo ay maaaring tumawag sa Bixcare Hotline ng Lungsod sa 562.570.4BIZ (4249), araw-araw (Lunes hanggang Biyernes) mula alas 8:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon para sa mga karagdagang impormasyon. Ang pagpapatakbo ng mga negosyo sa ilalim ng mga binagong mga protokol na ito ay kinakailangan upang maunawaan ang patnubay at ipatupad ang lahat ng mga hakbang sa kaligtasan. Basahin ang lahat ng mga pagbabago sa Kautusan para sa Kalusugan [here](#).

Ang sistema ng tier na ito ay batay sa tatlong pangunahing sukatan: ang bilang ng mga bagong kaso bawat araw (bawat 100,000 daang libo na mga residente); ang rate ng pagiging positibo (bilang ng mga resulta ng positibong pagsubok kumpara sa mga pagsubok na ibinibigay); at ang sukatan ng kalusugang makatao (pagsubok sa rate ng pagiging positibo sa mga pinakamababang mapagkukunan na mga lugar). Ang mga may kulay na naka-koda na tier ay mula sa lila (laganap) hanggang sa dilaw (minimal).

Ang sukatan ng pangkalusugang makatao ay dinisenyo upang matugunan ang hindi katimbang na rate ng kaso ng Covid-19 kasama ng ilang mga populasyon. Batay ito sa kalusugan sa mga tagapagpahiwatig ng makatao sa kalusugan ng publiko tulad ng pang-ekonomiya, edukasyong panlipunan, transportasyon, pabahay at mga kadahilanan sa kapaligiran. Upang lumipat sa isang hindi gaanong mahigpit na baitang ang mga pinakamababang mapagkukunan na mga lugar ay dapat matugunan ang isang tiyak na threshold ng pagiging positibo. Tinitiyak ng sukatan ng kalusugang makatao na ang indibidwal ay mahusay na kumikilos para maging patuloy ang bansa na makarating sa susunod na baitang na ligtas na pamayanan para sa lahat.

Ang lahat ng Lalawigan ng Los Angeles na kasama ang Long Beach ay dating nasa Red Tier. Upang makaakyat sa susunod na baitang (dilaw) ang lalawigan ay dapat na nasa orange na baitang para sa isang minium na tatlong linggo at mapanatili ang mga numero ng dilaw na baitang para sa dalawang magkasunod na linggo. Magsasama iyon nang isang rate ng kaso ng mas mababa sa isang bagong kaso (bawat 100,000 daang libo) araw-araw, mas mababa sa 2% porsyento na rate ng pagiging positibo at mas mababa sa 2.2% na sukatan sa kalusugang makatao.

Pinaalalahanan ng Lungsod ang bawat isa na manatiling mapagbantay sa pagsasanay ng lahat ng mga protokol na pangkalusugan at pangkaligtasan na nakabalangkas sa [Safer at Home Health Order](#), kabilang ang pagsusuot ng pantakip sa mukha at pagpapanatili ng wastong pisikal na distansya mula sa iba kahit na nakatanggap sila ng Covid-19 na bakuna.

Sa ngayon ay mayroon nang 52,213 na libong kaso na ng Covid-19 sa Long Beach, at 910 na daan na katao na ang namatay dahil sa bayrus. Mahigit na 205,000 daang libong bakuna na ang naipamahagi kasama na ang 129,000 daang libo na ang unang dosis at 76,000 na libo na ang pangalawang dosis.

Para sa makabagong impormasyon tungkol sa Covid-19 at mga detalye sa lahat ng mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang mga residente, mangyaring bisitahin ang , [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan @LongBeachCity on Facebook, Twitter at Instagram.

###